



De La Salle University-Dasmariñas
Cavite Studies Center
Historical scholarship. Relevance. Meaning.

GALEÓN

AGOSTO 2020 Tomo 16 Blg. 1 17 pahina

Official Newsletter of the Cavite Studies Center • DE LA SALLE UNIVERSITY-DASMARIÑAS

AGAW-ARMAS SA CAVITE



Casa Tribunal sa Noveleta

Batay sa mga napagkasunduan sa pagitan ng mga Katipunerong taga-Maynila at karatig lalawigan ay magaganap ang sabayang pag-aalsa sa hating gabi ng ika-29 o ika-30 ng madaling araw ng Agosto, 1896. Ito ay nalaman ng Sangguniang Magdiwang sapagkat dumalo si Heneral Mariano Alvarez sa pulong ng mga Katipunero sa Malabon. Nalaman din ito ng Sangguniang Magdalo batay sa ulat ni Domingo Orcullo na dumalo rin sa pulong sa sabayang pag-aalsa.

Sa napagkasunduan, may tatlong senyas na maisisilayan ang mga Caviteño bilang hudyat na simula na ang pag-aalsa. Una ay ang pagpapatay ng ilaw sa Luneta, ikalawa ay ang pagpapalipad ng lobo (*hot air balloon*), at ikatlo, ang pagpapalipad ng kuwitis. Dahil sa mga ito kaya naghanda ang mga Katipunero sa Cavite. Ang mga nasa baybaying bayan tulad ng Noveleta at Kawit ay naghintay at matiyagang tinanaw ang Luneta mula sa kani-kanilang bayan. Gayunpaman, sa kabila ng paghihintay, walang senyas ang nasilayan.

(may karugtong sa pahina 2)



(Pagbabalik Tanaw... mula sa pahina 1)



Ayon nga kay Emilio Aguinaldo sa kanyang “Mga Gunita” ay namumuti na ang kanilang mata habang naghihintay sa tulay Marulas. Ang kanilang paghihintay ay tumagal ng Agosto 31 hanggang sa hindi na napigilan ang tensiyon sa Cavite. Ito ay naganap ng ika-10 ng umaga nang mag-alsa ang mga taga-San Francisco de Malabon (General Trias ngayon). Sinundan ito ng ika-12 ng tanghali sa Noveleta at ika-dalawa ng hapon sa Kawit. Ang araw na ito ay nakilala bilang agaw-armas sa Cavite sapagkat ang pag-agaw ng armas ang naging estratehiya ng mga Kabitenyong Katipunero nang kinukubkob nila ang mga gwardya sibil na nakatanod sa mga munisipyo. Ang pag-aalsang ito ang nagdulot ng pagkapanalo ng mga Katipunero sa Cavite. Ito ay naging hudyat sa kanila para akuin ang pamunuan ng himagsikan mula sa Maynila kung saan natalo at umatras ang mga Katipunerong taga-Maynila.

Si Heneral Emilio Aguinaldo, noon ay tenyente abanderado at hindi pangulo ng Sangguniang Magdalo, ay tahasang nagpahayag ng pamumuno ng himagsikan mula sa kanyang sulat noong Agosto 31, 1896 at dalawa pang manipesto noong Oktubre 1896.

Agosto 31, 1896

“Mahal kong mga Kapitan Munisipal at Kababayan:

Malungkot na ipinatatalos ko sa inyo, na ang Capitan at Gobernador General ng Pilipinas, Don Ramon Blanco y Erenas, ay lumagda kabapong ika-30 nitong Agosto, DECLARACION DE GUERRA o pamamahayag ng pakikidigma, laban sa walong lalawigan Tagalog: Maynila, Bulacan, Pampanga, Tarlac, Nueva Ecija, Laguna, Batangas, at Kabite. Dabil dito, inaanyayahan ko kayo na ngayon din ay maghangon tayo laban sa kaharian ng Kastila na sa mahabang panahon, ay tayo’y inalipin. Bilang tugon sa atas na iyan ng Pamahalaan, ay nagsimula na kaming bumangon upang manghimagsik laban sa mapang-aliping labi, at malugod na ibinabalita ko sa inyo, na ang tatlong bayan ng Cavite el Viejo, Noveleta, at San Francisco de Malabon, ay nasa kamay na rin ngayon at tayong mga Tagalog ang makapangyayari sa labat ng bagay. Dito sa Cavite el Viejo, ay naagawan na namin ng mga baril ang mga Guardia Civil, sa San Francisco de Malabon ay napikot ng labat at sumuko na sila, at ang Comandancia

(may karugtong sa pahina 8)



EDITORIAL

Pandemya sa Buwan ng Kasaysayan

Taon-taon ay ipinagdiriwang natin ang buwan ng kasaysayan. Lahat ng sektor pang-akademya, maging publiko o pribado ay nakikiisa sa pagdiriwang na ito. Kabi-kabila ang seminar, mga paligsahan ng mga mag-aaral, parada, at lektura upang itanyag ang kabayanihan ng ating mga ninuno. Sa panahon ng pandemya, ang lahat ng ito ay nahinto upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19.

Salamat dahil sa pagdaan ng panahon ay umunlad na rin ang teknolohiya at bumilis ang *internet*. Dahil dito, naibsan ang malaking epekto ng pandemya sa gawain ng mga iskolar, guro, mag-aaral, at mananaliksik. Mula sa karaniwang harapang pakikisalamuha (*face to face activities*), napalitan ito ng mga malayuang gawain (*remote activities*) tulad ng mga *webinar*, *online sourcing* at iba pang *virtual activities*. Ang hamon sa ngayon ay mapanatili ang lakas ng ating mga *internet connections* upang epektibong maisagawa ng tuluy-tuloy ang lahat ng mga gawaing pangkasaysayan.

Webinar



Emmanuel F. Calairo, PhD
Punong Patnugot

Neriza M. Villanueva
Tagapag-ugnay sa Publikasyon

Jomar Encila
Kontributor

Mylene B. Delatado
ley-awt artist

Ang Galeón Newsletter ay opisyal
na pahayagang palihan ng Cavite Studies Center

Para sa mga komento, suhestiyon
o kontribusyon, makipag-ugnayan sa

CAVITE STUDIES CENTER

Ikalawang Palapag, Aklatang Emilio Aguinaldo-Main
De La Salle University-Dasmariñas
City of Dasmariñas, Cavite 4115
(02) 8779-5180- (046) 481-1900 to 30 loc. 3141

Disclaimer: Ang mga opinyon at mga pahayag mula sa mga artikulo sa isyung ito ay eksklusibong pag-aari lamang ng mga sumulat nito at hindi sa bumubuo ng publication team.





Pakikipaghimagsik Noong Agosto 29, 1896: Karanasan ng Taguig at Pateros

Jomar Encila
TUKLAS Pilipinas Inc.
History Consultant, Taguig LGU

Alam ba ninyo na sa *Memorias Intimas* ni Manuel Sityar (Regala, 1998) at *Mga Gunita ng Himagsikan* ni Heneral Emilio Aguinaldo (1964) ay parehas na may tig-isang kabanata ukol sa Himagsikan ng bayan ng Taguig at Pateros? Si Sityar ay ang unang teniente komandante ng Pasig noong Disyembre 1896 na kinalauna'y naging *aide-de-camp* ni Heneral Emilio Aguinaldo noong 1898. Sa Kabanata IX ng kanyang ulat na may pamagat na *Sa Pateros at Taguig*, kanyang idinetalye ang mga pangyayari

noong Himagsikan ng Agosto 29, 1896 na may koneksyon sa pagbangon sa Pasig na mas kilala bilang “Nagsabado sa Pasig”. Sa kanyang *Gunita* naman ay inilahad mismo ni Heneral Emilio Aguinaldo ang pagtutulungan ng mga katipunerong Kabitenyo (Magdalo) sa taumbayan ng Taguig at Pateros (Kabanata XXXII) sa pagbangon nito noong Enero 1, 1897. Hindi tulad sa katabing bayan ng Pasig, hindi gaanong kilala ang mga detalye ng himagsikan sa dalawang bayang ito.



Manuel Sityar
Teniente Komandante ng Pasig, Agosto 1896



Gregorio Flores
Kalihim, Sangguniang Bayan ng Maningas, Pateros

(may karugtong sa pahina 5)



(Pakikipaghimsik... mula sa pahina 4)

Ang Katipunan sa Taguig at Pateros

Ayon kay Gregorio Flores (alias *Makabuhay*, may akda ng “*Ang Pateros at ang Pakikipaghimsik Nito* – 1928), ang pagbuo sa ideya ng pagtatatag ng Katipunan sa Pateros ay nagsimula sa pagitan ng Pebrero at Marso 1896 sa tulong ng mga katipunero mula sa Balangay Kaliwanagan mula Pasay sa pangunguna ni Valentin Esguerra at Balangay Magtagumpay sa Kuli-Kuli (Makati) sa pangunguna ni Jose Victor (Tinteng Huse). Dagdag pa ni Flores, ang mga maingat na pagtitipon ay ginagawa sa bilihan ng baka sa Pateros. Dito ay dagsa ang mga mamamayan at ginamit ang oportunidad upang magkalap at magbahagi ng impormasyon para sa Katipunan. Buwan ng Abril 1896, sa tulong nina Ramon Bernardo ng Pandacan, Vicente Leyva (Kalentong) ng Mandaluyong, at Rogelio Borja mula sa Sangguniang Bayan Makabuhay ng Mandaluyong nang pasimulan ang paghahasik ng Katipunan sa Pateros hanggang sa opisyal na halalan sa Barrio Santo Rosario sa bahay ni Angel Francisco. Dito ay naihalal bilang presidente ng balangay Magtanggol si Presidente Macario Almeida (Kidlat) na noo’y *cabeza de barangay* ng *Cabecera 9*, dahilan upang tawagin din siya bilang Kabesang Cario. Nakapagtatag rin ng dalawang Sangguniang Nayon; ang S.N. *Sumikat* sa Barrio Sta. Ana na pinamunuan ni Alejandro Santos (Apoy) at sa Barrio Aguho naman ay ang SN *Maningas* sa panguluhan ni Vicente Candichoy. Sa samahang ito naitalaga si Flores bilang kalihim.

Sa kasalukuyan ay wala pa ring matibay na dokumento, gunita o batis na tutukoy sa pagbuo ng balangay o sangguniang nayon ng Katipunan sa Taguig maski man ang pangalan nito. Ang tanging koroborasyon ng mga batis ay mula sa mga ulat ng pahayagang Espanyol tulad ng *El Comercio* at tala ni Jose Pagtakhan, dating *presidente municipal* ng Taguig (1916-1925) at may-akda ng *Ang Tagig at Ang Kanyang Kasaysayan* noong 1963 na itinuturing bilang pangunahing batis ukol sa kasaysayan ng bayang ito. Ayon naman sa pananaliksik ni Dr. Isagani Medina sa *Cuerpo de Vigilancia* (Manila Studies Association, 1999), si Feliciano Pagkalinawan na *ex-gobernadorcillo* (1881-1882) ay nagsilbing *agente especial* ng Katipunan sa Taguig. Sa katunayan, si Pagkalinawan ay naging unang *presidente municipal* ng Taguig sa ilalim ng pamahalaang Amerikano.

Paalala't Paghahanda

Apat na beses nagkaroon ng koordinasyon sa Pateros ukol sa paalala sa pagbangon sa araw ng Sabado, Agosto 29. Ang una ay pagpapadala ng sulat noong Agosto 22 samantalang ang pangalawa ay noong Agosto 28 sa pamamagitan ng pakikipagkita ni Antonino Guevara. Ikatlo ay noong tanghali ng Agosto 29 kung kailan isang sulat mula sa Supremo Andres Bonifacio na ipinadala ni Heneral Vicente Leyva sa Pateros ang natanggap.:

Mga Maginoong Namiminuno, Kasapi at mga Kapatid

“ . . Sa inyong labat ipinatutungkol ang pahayag na ito. Totoong kinakailangan nang sa lalong madaling panahon ay putulin natin ang walang pangalang panglulupig na ginagawa sa mga anak ng bayan, na ngayon ay nagtitiis ng mabigat na parusa at pahirap sa mga bilangguan, na sa dahilang itoy mangyayaring ipatanto ninyo sa labat ng mga kapatid na sa araw ng Sabado, ika 29 ng kasalukuyan ay puputok ang paghibimagsik na pinagkasunduan natin, kaya kinakailangan sabay sabay na salakayin ang Maynila. Ang sino pa mang humadlang sa banal na adhikang ito ng bayan ay ipalalagay na taksil at kalaban maliban na nga lamang kung maysakit na dinaramdam o ang katawan ay maysala at silay paguusigin alinsunod sa palatuntunang pinairal. . .”

Andres Bonifacio

Bundok ng Kalayaan

Agosto 28, 1896 (Flores, 1928)

Ayon naman kay Antonino Guevara (Corpuz, 2009), tinupad niya ang utos mula sa Mataas na Sanggunian ng Katipunan upang pumunta sa Taguig, Pateros, at Pasig noong Agosto 28 upang ipaalala at makibalita sa napipintong pagbangon kinabukasan. Sa Pateros ay kanyang nakadaupang palad si Agapito Sulit, Francisco Salva, Esteban Quiogue, at ang magkapatid na Manalo. Matapos naman nito’y dumiretso siya sa Taguig at nakipag-usap kay Macario de Ocampo na tiniyak naman ang kahandaan ng mga katipunero sa bayang

(may karugtong sa pahina 9)





Ang Labanan sa Imus

Neriza M. Villanueva

Tagapag-ugnay sa mga Publikasyon, Cavite Studies Center



Kailangang maramdaman ang pagpupunyaging nag-uumpaw sa puso, isip at damdamin ng mga bayaning nakibahagi sa adhikang makabayan. Ang hangaring ito ang nag-udyok upang mag-aklas laban sa pamahalaang Kastila.

Ang Kabite ay isa sa walong lalawigan inilagay sa “*Estado de Guerra*”. Ang Kabite ay nagbangon na. Naroon man ang takot at pangamba, ang lahat ay gagawa at kikilos dahil sa tungkulin at pangakong sinumpaang para sa Inang Bayan. Magandang halimbawa ang ipinamalas na tagumpay ng mga katipunero at rebolusyonaryo sa San Francisco de Malabon, Noveleta, at Cavite el Viejo. Ang lahat ay tumugon sa panawagan ni Emilio Aguinaldo, Teniente Abanderado ng Hukbong Revolucionario.


Nagsimula na sa Imus ang pagkilos subalit

minsan na silang nabigo nang isakatuparan ni Tagapangulo ng Sangguniang Magdalo Baldomero Aguinaldo ang pagsalakay sa kumbento at kuwartel sa Imus noong Agosto 31, 1896. Muli ay ang napipintong pagsalakay.

Mga rebolusyonaryong gulukan at sibatan

Setyembre 1, 1896. Nagtungo si Jose Tagle,

(may karugtong sa pahina 7)



Ang (Labanan... mula sa pahina 6)

Pangulo ng Balangay Pilar at Capitan Municipal ng Imus sa Kuwartel Heneral ni Emilio Aguinaldo sa kumbento ng Cavite el Viejo. Kasama ni Tagle ang may isang daang kawal na gulukan at sibatan upang humingi ng tulong sa paglusob sa mga kaaway ng Imus. Ito'y agad na sinang-ayunan ni Aguinaldo. Tinipon niya ang halos 600 kawal na gulukan kasama si Tagle at ang kanyang kawal. Ang pinagsamang puwersa ay armado ng tatlong baril na *remington*, siyam na riple, at isang *eskopeta de piston*. Taglay nila ang paraang dapat sundin: "manunubok muna bago biglang maninisid." Nagsama rin ng isang banda na pinatugtog ang musika (Batalla de Jolo) na nagpasigla at nakabuhay ng loob sa mga rebolusyonaryo at gumising sa damdamin ng mga nadaanang lalaki. Bago nila narating ang Imus, lalong dumami ang kawal - mahigit sa 2,000 katao.

Pagdating sa Tulay Balimbing (malapit sa plaza ng Imus), may nakapagsabing ang mga pari at *Guardia Civil* ay wala sa Casa Hacienda. Ang mga prayle ay nasa kumbento; ang mga *Guardia Civil* ay nakapuwesto sa tore ng simbahan. Pinangkat-pangkat ni Aguinaldo ang kanyang mga kawal sa tatlong bahagi. Ang pangkat ni Tagle ay sumalakay galing sa dakong timog, kay Baldomero Aguinaldo ay sa dakong norte, at ang kay Emilio Aguinaldo ay sa liwasan ng kumbento at simbahan. Ang tatlong pangkat ay nagpangita at nagkatipun-tipon sa kumbento kung saan wala silang nakasalubong maliban kay Padre Buenaventura, isang pareng Pilipino. Sa kanya rin nila nabatid na ang mga prayle at mga *Guardia Civil* sa takot ay tumakas na sa Casa Hacienda, ang bahay na pag-aari ng mga prayle.

Muli ay tinipon at hinati sa tatlo ang mga kawal sa pagkubkob sa timog at kanluran ng hacienda. Hinabol ng mga gulukan at sibatang pwersa ang kaaway. Nanatiling matigas sa pagsasanggalang ang mga *Guardia Civil*; ang mga prayle ay nagtago sa likod ng malapad na batong pader. Sa pangunguna ni Padre Eduarte, kilalang prayleng Espanyol, pinaulanan nila ng bala ang mga kawal. Dahil dito, marami sa kanila ang namatay. Bilang sagot, inutusan ni Aguinaldo ang kanyang mga tauhan na butasin ang pader ng hacienda sa tapat ng kamalig ng palay sa dakong timog-kanluran. Pinabuhusan niya ito ng dalawang latang petrolyo at sinindihan. Sinunog nila ito upang mapalayas ang mga kaaway.

Umalis si Aguinaldo patungong Cavite el Viejo sa pangambang ang malakas na puwersa ng kaaway ay maaaring umatake sa Polvorin, Binakayan. Iniwan niya ang ilan sa kanyang mga tauhan kay Tagle; may tiwala siya sa taong ito. Pakiramdam niya ay magiging matagumpay ang pagsalakay dahil kubkob na nila ang lugar na iyon.

Ang paghahanda

Setyembre 2, 1896. Ang pagkakataon ay nakatakda na sa mangyayaring labanan sa Imus. Humihingi ng tulong kay Aguinaldo ang Pangulo ng Balangay Gargano ng Bacoar, Gil Ignacio dahil sa makapal infanteria, Caballeria, at Artilleria ay nasa Las Pinas, Pulang Lupa, at Zapote na sasaklolo sa Casa Hacienda sa Imus. Sinang-ayunan ni Aguinaldo ang hiling na ito. Nakibahagi siya sa Zapote kasama ang may 500 *cuadrillero* upang maharang ang mga kalaban sa ilog. Nalagas ang marami sa kanilang rebolusyonaryo sa walang patumanggang pagputok ng kalaban. Nabigo si Aguinaldo sa nangyaring labanan sa Bacoar.

Hindi lingid sa mga nakakulong sa hacienda sa Imus ang nagaganap sa Bacoar. Ang mga prayle at *Guardia Civil* ay naglabasan at nagpaputok sa dinaraanang daan. Tinugis naman sila ng mga gulukan. Hindi sila tinigilan. Binihag ang mga sumuko at napatay ang lumalaban. Salamat na lamang sa kagitingan at pagkamakabayan ni Jose Tagle.

Hiniling din ni Aguinaldo na kumilos na at huwag nang mag-atubili habang ang mga kawal ni Hen. Aguirre ay nasa Bacoar at nagpapahinga. Ang pagkakataong iyon ay sapat sa pagsunod sa mga iniutos ni Aguinaldo kay Tagle. Mas mainam maging maagap habang may pagkakataon. Kailangang maunahan ang mga kalaban. Inatasan ni Aguinaldo si Jose Tagle at ang kanyang mga tauhan na ipagiba ang isang arko ng tulay na bato sa kabilang pampang ng hacienda. Iniutos din niya ang agarang pagtatayo ng trintsera sa may kabilang pampang ng ilog na maaaring daanan ng mga kalabang manggagaling sa Bacoar. Magkakaroon din ng tanggulan na manganganlong sa lahat ng barilan at gulukan. Walang sinoman ang magpapakita o magpapaputok ng baril kahit na ang kalaban ay nakita na. Walang magpapaputok. Sundin ang hudyat: Hanggang hindi sumasapit ang

(may karugtong sa pahina 10)



(Pagbabalik Tanan... mula sa pahina 2)

Provincial ng Guardia Civil Sa Noveleta ay nabulog nang labat sa ating kamay.

Kaya buong puso akong nananawagan sa inyong pagkamakabayan, na sana'y pagkatanggap ninyo nitong aming sulat, ay gawan na ninyo ng paraan diyan na matutop ang ating mga kalaban, at pakatantuin ninyo, na ang galing at tapang nating mga mala pang baril, ay nasasalig sa SUBOK at SISID sa mga kalaban.

Buo ang pag-asa ko sa inyong Pagkamakabayan na sa pagdating na ito ng araw ng ating katubusan, ay lulusubin ninyo agad ang mga kalaban diyan sa kumwartel at kumbento sa inyong bayan, subali't pagsikapan ninyong buwag utang ng buhay lalo pa't kalahi natin, at sa ganitong paraan lamang tayo magkakaroon ng kaligtasan, at mababango sa dustang kalagayan ang ating Inang Bayan! Ang Diyos ay pinapatnubayan tayo, upang mabango sa kaalipinan ng ating Inang Bayan! BUHAY, LAKAS, AT, PAGKAKAISAL!

Gumagalang at yumayakap,

EMILIO AGUINALDO (MAGDALO)
Teniente abanderado ng Hukbong Revolucionario

CANDIDO TRIA TIRONA
Bagong Punong Bayan (Revolucionario)

ANGEL JANI JORGE
Kalihim
(Aguinaldo, Mga Gunita, p. 71-72)

Bukod pa ito sa pagkapanalo ng mga Kabitenyo sa mga labanan sa Imus, Noveleta at Binakayan at

pakikipaglaban noong 1897 sa Zapote at Pasong Santol. Bago matapos ang Disyembre 1896 ay nagpulong ang mga Katipunero sa Cavite sa pamamagitan ng Supremo Andres Bonifacio upang itatag na ang pamahalaang panghimagsikan kapalit ng nadiskubrengh Katipunan noong Agosto 19, 1896. Ang usaping ito ay naisakatuparan sa Tejeros noong Marso 22, 1897. Pagkatapos ng isang buwan ay naganap ang pulong sa Naic na tinawag na *coalition government* na siyang tumapos sa usaping hindi nagkakaisa ang kilos ng mga manghihimagsik.

Sa panahong ito na patuloy na ginugunita ang pag-aalsa sa Cavite ngayong Agosto 31, 2020 at kaisa sa Buwan ng Kasaysayan ngayong taon ay marapat lamang na balikan ang mga aral sa ating kasaysayan - aral ukol sa tunggalian ng pamunuan, sabayang pagkilos, at iisang layunin alang-alang sa kapakanan ng bayan. Mahigit na sa isangdantaon ang lumipas buhat nang maganap ang pakikipaglaban sa mga dayuhan, ngayon ay muling hinihingi ang isang pakikipaglaban para naman sa pandemya. Sana ang aral na iniwan ng ating mga ninuno tungo sa sabayang pagkilos at nagkakaisang mamamayan ng ating bansa ay magsilbing gabay sa lahat upang tayo'y sama-samang makatawid sa panahon ng pandemya.



Emmanuel F. Calairo, PhD
Komisyoner, Pambansang Komisyon
Pangkasaysayan ng Pilipinas
Katuwang na Bise Tsanselor sa
Pagsasaliksik, De La Salle University-
Dasmariñas
Presidente, Cavite Historical Society, Inc.

(Pakikipaghimagsik... mula sa pahina 11)

at Pateros ay isang mahalagang parte ng pagharang ng tulong para sa mga makukubkob sa kumbento ng Pasig. Matatandaan na ang tauhan ni Talero ang tumaliba at dahilan kung bakit nabigo ang mga katipunero na tuluyang makukubkob ang kumbento ng Pasig.

Ngunit ang pagkagaping ito, dagdag pa ng pagkamatay ni Dr. Jose Rizal ay mga dahilan upang lalong magningas ang mga damdamin ng taumbayan at maglunsad muli ng pagbangon ang dalawang bayang banggit. Ngunit sa bagong taon ng 1897, kinailangan na nila ng mas malakas na pwersa lalo na ang lider-militar na may karanasan kung paano maipanalò ang isang labanan.

Batis:

Almario, Virgilio S. *Rebolusyong Filipino: Memorias Intimas*. Manuel Sityar. Translated by Trinidad O. Regala. Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas, 1998.

Corpuz, Onofre. *History of One of the Initiators of the Philippine Revolution*, National Historical Institute, 2009.

Cruz-Gallardo Lammoglia, Umberto Antonio. *Forgotten Warriors of the Katipunan: Selected Excerpts from El Comercio, Diario de la Tarde*. National Historical Commission of the Philippines, 2013.

Flores, Gregorio. *Ang Pateros at Pakikipaghimagsik Nito*. Purificacion B. Flores, VDA De Estacio 1928. (1976).

Pagtakhan, Jose. *Ang Tagig at ang Kanyang Kasaysayan*. Tagig, Rizal. 1963.




(Pakikipaghimagsik... mula sa pahina 5)



Martires del 96 Monument
Pagbibigay pugay para sa mga bayani sa Dulumbayan
Agosto 29, 1896.

ito. Mahalagang mabatid na si Macario de Ocampo ay isang maestro sa Tipas Taguig. Sa katunayan, naging estudyante niya ang batang Felix Manalo (unang punong ministro ng Iglesia ni Cristo na tubong Taguig) sa klase ng katekismo. Si de Ocampo din ay naging Kolonel sa ilalim ng Pamahalaang Rebolusyonaryo noong 1898. Kung kinumpirma ni de Ocampo kay Guevarra noong Agosto 28 ang kahandaan ng mga katipunero sa lugar, malinaw na walang pagbangong naganap rito noong Agosto 29, 1896 dahil na rin sa destakamento ng mga



Simbahan ng Taguig
Himpilan ng destakamentong Espanyol

Espanyol rito na malapit sa Simbahan ng Santa Ana.

Ang huling pakikipagtipon ay noong ika-10 naman ng gabi, Agosto 29 kung kailan nagsadya sa Pateros si Dr. Pio Valenzuela na kinatawan ng supremo kasama si Santiago Artiaga upang alamin ang preparasyon ng paghihimagsik sa Pateros.

Oras ng Pagtutuos

Matapos salakayin ng mga Katipunero sa Pateros ang tribunal (gusaling pamahalaan ngayon ng Pateros) ay dumiretso at kanilang binantayan ang Dulumbayan upang harangan ang mga paparating na kalaban mula sa Taguig. Dapat mabatid na walang labanang naganap sa tribunal

(sundan sa pahina 11)



Ang (Labanan... mula sa pahina 7)

pangunahin o *vanguardia* ng mga kalaban sa tulay na putol, o hindi pa pumuputok ang kanyon de montaña, ay walang sinumang magpapakita ni magpapaputok.

Ang lahat ng ito ay sinunod ng taong bayan sa buong magdamag upang maging handa ang lahat sa paglaban upang salubungin ang darating na kaaway.

Unang labanang napagtagumpayan

Setyembre 3, 1896. Maaga pa lamang ay sinundo na ni Jose Tagle si Aguinaldo sa Cavite el Viejo. Nabalitaang umalis na ang mga kalaban sa Bacoor. Baka maunahan pa ang mga rebolusyonaryo. kung maging huli na ang lahat.

Kaagad silang lumakad kasama ang tropang may 1,000 ang bilang. Naganyak pa ang mga kalalakihang nakibahagi sa gagawing labanan. Ang lahat ay inilagay na sa kanya-kanyang lugar. Walang susungaw, walang magpapakita sa mga kalaban. Dapa lamang. Walang puputok hangga't wala ang hudyat.

Pagdating ng mga kalaban, malayu-layo pa ay pinagkakanyon na ang Casa Hacienda. Nakakatakot ang sumasagitsit na tunog ng mga bala. Nagliliyab ang mga baril. Walang umiimik kahit may tinatamaan. Palapit nang palapit ang mga kaaway sa putol na tulay. Hindi nila ito alam. Naroon na sila sa lugar na iyon, ang hudyat! Narinig na ang kanyon de

montaña. Nagkabarilan na. Nagkagulo ang mga kalaban, Nagkatakbuhan. Nagkalituhan. Nagkadapaan. Nagsasalimbayan ang putukan. May mga tumatakas sa kaaway. Tugusin. Hulihin. Sugod. Sisid gulukan! “Fuego por Retirada!” Marami ang nasawi – sa kaaway at sa mga rebolusyonaryong kawal sa labanan sa Imus.

Nalagay sa mapanganib na sitwasyon si Hen. Aguirre ng hukbong Espanyol. Nahulog siya sa kabayo dahil sa kanyang pagmamadali at kabiglaanan. Naiwan niya ang kanyang *Sable de Mando*. Hinarang siya ngunit hindi siya inabutan ng mga rebolusyonaryo. Ang sable na may nakaukit na “*Hecho en Toledo, España, 1869*” ay mapalad na nakatugma sa taon ng pagsilang ni Aguinaldo.

Nakuha sa labanan sa Imus ang 70 baril na Remington at iba pang kasangkapang na naiwan ng mga kalaban sa pagtakbo. Kabilang dito ang parangal na ipinakita ng taong bayan ng Imus sa kabayanihang ginawa ng mga rebolusyonaryo laban sa mga Kastila. Si Jose Tagle, isang matapang at makabayang puno ng balangay ng Katipunang Haligue ay inihalal ni Aguinaldo na maging Pangulo ng bayan ng Imus.

Mga Sanggunian:

Aguinaldo, Emilio. *Mga Gunita ng Himagsikan*. Manila: Centennial Edition, 1998, p. 93-126.

Highlights of the 1896 Philippine Revolution in Cavite. Compiled and prepared by: Imus Institute Classmates 1945-1948 High School.

Salitang Cavite - mula sa pahina 17)

Hal.: Sa dami ng magagandang *papagayo*, mahihirapan ang mga hurado sa pagpili sa magwawagi – ang *burador* ba o ang *guryon*, ang *boka-boka* ba ng Tanza, o ang *pupugayo* ng Imus o ng Dasmariñas?

Kapurit – kapisaso

Hal.: Dahil sa matinding pagod at haba ng nilakbay, pinagkasya na lamang ng magkapatid ang baong tubig at *kapurit* na tinapay.

Magaso – magaslawa

Hal.: Masyado kang *magaso*, nasa harap ka pa naman ng ibang tao.

Pospas (Tanza) – arroz caldo

Hal.: Maagang nagluto si nanay. Siguradong may *pospas* ang aming meryenda.

Prunggo – bubog; syower - tsinelas

Hal.: Naprunggo ako. Wala kasi akong syower.

Utay-utay – unti-unti, dahan-dahan

Hal.: Gusto mo bang magtagumpay sa iyong inaasam? Huwag magpadalus-dalos. Mas mainam ang utay-utay na pagsasakatuparan ng minimithing tagumpay.

Source:

Medina, Isagani R. *Ang Kabite sa Gunita: Essays on Cavite and the Philippine Revolution* compiled by Mirana R. Medina. Diliman, Quezon City: University of the Philippines Press, 2001, p. 183-189.



(Pakikipaghimagsik... mula sa pahina 9)

sapagkat ang mga *cuadrillero*ng bantay ay lihim pala na mga katipunero. Ang Dulumbayan ay literal na dulo ng bayan ng Pateros at Taguig kung saan nakadikit ang *calle real* sa pagitan ng Taguig at Pasig. Sa kabilang dako naman ay mayroong mga humimpil sa paanan ng Punong Tulay na nakaantabay sa mga kalabang paparating mula sa Pasig. Ito ay ang tulay na bato na pangunahing tulay sa pagitan ng Pasig at Pateros.

Dahil sa pagsasaposisyon na ito, naharang ang ipinadala ni Sityar na tagaluto mula sa konbento ng Pasig na may hawak na sulat sana para kay Sarhento Manuel Talero ng destakamento ng Taguig. Iyon ay sulat ng paghingi ng tulong para sa mga nakahimpil sa Pasig. Sila ay napilitang umatras nang makita ang mga katipunerong bantay sa Punong Tulay kasama ang *cocherong* si Jose Concepcion (Huseng Kastila).

Nagsimula ang barilan ng ika-10:30 ng gabi kung saan matagumpay na naitaboy ng mga katipunero ang tatlong *guardia civil* mula sa Taguig na tatawid sana sa Dulumbayan. Ayon kay Flores, *napipilang mga sibil na ito'y nangagbalik na sakbibi ng di matawarang katatakutan, sa Taguig*" (Flores, 1928). Tugma ito sa ulat ni Manuel Sityar na nakatulog sa loob ng konbento ng Pasig habang nagbabantay at nagising dahil sa putukang nagmumula sa direksyon ng Pateros: "*Di kaginsa-ginsa'y naputol ang nagbaharing katahimikan ng mga putok ng baril nanagmumula sa gawing Pateros*" (Regala, 1998, p 79). Tinataya ni Flores na nasa 800 katipunero ang umatake sa Dulumbayan samantalang sa ulat ng El Comercio noong Setyembre 1, 1896, 16 ang nasa pamunuan ni Sarhento Talero ng destakamento ng Taguig na nakipaglaban sa mga "rebelde". Sa unang engkwentro ay isang *guardia civil* na sa pangalang Crispulo Roxas, kabilang sa ika-21 rehimyento, ang tinamaan sa ulo at iniwang nakahandusay ang katawan habang papaatras ang iba pang *guardia civil* sa Taguig.

Ngunit nang marinig ng mga katipunerong nakaistasyon sa Punong Tulay ang putukan sa Dulumbayan, kagyat nilang iniwan ang kanilang posisyon sa pagnanais na tumaliba sa mga katipon malapit sa Taguig. Ito ang pagkakamaling nagpahamak sa pag-aalsa. Naiwang bukas ang daan para sa mga tatalibang *guardia civil* mula sa Pasig.

Ang ipinadalang tropa ni Sityar na sa mga panahong iyon sa pangunguna ng isang kabong hindi

niya pinangalanan ay nakaabang lamang sa Manggahan (Libingang Bago) na dali-daling dumiretso din ng Dulumbayan nang makita nilang wala nang bantay doon. Dahil dito ay matagumpay na ginulat at ginapi ang mga katipunero mula sa magkaibang direksyon. Sa madaling sabi naipit ng mga *guardia civil* mula sa Taguig sa pangunguna ni Sarhento Talero at ng mga tumalibang *guardia civil* mula sa Pasig ang mga katipunero sa Dulumbayan. Tatlong katipunero ang napatay, ito ay sina Pedro Rosales, Eusebio Hermosa, at Guillermo Manalo na kinalauna'y tinawag na *Tatlong Bayani ng Bayan*. Sina Francisco C. Diego, Julian de Luna, Cipriano Ungco, Cipriano Ison, Severo T. Santos, at isang nagngangalang Polavieja ang sugatan. Marami namang katipunero ang kanya-kanyang hulagpos sa iba't ibang direksyon.

Kinabukasa

"... Walang katao-tao sa mga kahye ng Pateros at ang pangunahing daang nag- ugnay sa Pasig Pateros at Taguig at naiwanan ng malilina na palatandaan ng matinding paghabamok ng mga insurekto at guwardiya sibil; mga bakod na nabuwal; mga bakas ng dugo; mga bangkay; isang kahindik hindik na tanawin!" (Regala, 1998, p 93)

Ito ang pahayag ni Sityar matapos baybayin ang daang Pateros-Taguig, umaga ng Agosto 30.

Naiulat din ng *El Comercio* (Cruz-Gallardo Lammoglia, 2013) noong Setyembre 1896, Martes na ang mga "rebelde" mula Taguig at Pateros ay umatras patungong Angono at Morong. Kabilang naman sa mga nadakip ang mga kumamping *cuadrillero* ng Pateros at iba pang Katipunero. Sila ay na dinala muna sa kumbento ng Pasig bago dalhin sa Fort Santiago at tuluyang maipatapon sa Marianas lulan ng *Venus* noong Setyembre 3.

Malinaw na magkaiba ang karanasan ng dalawang bayang ito sa himagsikan noong Agosto 1896, dahil na rin sa dalawang dahilan. Kumpara sa Pateros, mayroong destakamento ang tropang Espanyol sa Taguig. Ito ay mabigat na dahilan upang hindi masimulan ang pagbangon maliban pa sa kakulangan sa armas. "Di tulad sa Pateros, walang naipabalitang bumaliktad na *cuadrillero* sa Taguig sa panig ng Katipunan. Gayunpaman, lumilitaw na ang labanang naganap sa dulo ng dalawang bayan – Taguig

(sundan sa pahina 8)



Sol. P. Bella: Kwento, Kasaysayan, Kabayanihan

ni Neriza M. Villanueva, *Tagapag-ugnay sa mga Publikasyon*, Cavite Studies Center



Ang Lungsod ng Imus ay hitik sa mga pangyayari at mga mamamayang nakibahagi sa pagbaka ng kalayaang mithi. Kinikilala sa lungsod na ito ang mga nag-alay ng kanilang kagitigan maging ang panahon, lakas, at buhay para sa bayan.

Sa mga makasaysayang pananda ay nasulat ang kanilang kabayanihan maging ang mga pangyayaring magsisilbing paalaala sa mga tagumpay ng nakaraang himagsikan. Ilan dito ang bantayog ni Licerio Topacio sa Plaza ng Imus, ang makasaysayang pananda ni Jose Tagle sa Bayan Luma, at ang mga naganap na Labanan sa Imus, Pasong Santol, at sa Alapan. Sa ilan ding mga paaralang ay nakapangalan na sa mga bayani ng Imus tulad nina Cayetano Topacio, Pantaleon Garcia, at Hipolito Saquilayan. Ang dating tahanan ng mga prayle, ang *Casa Hacienda* o ang ngayo'y Kampo Pantaleon Garcia, at maging ang mga pangalan ng kalye sa bayan ng Imus ay nakapangalan din sa mga bayaning nakibahagi sa himagsikan.

Isa sa magiging paksa ay tungkol kay Sol. P. Bella. Inaasahan na magkapagdulot ng dagdag kaalaman sa nagawa niyang kontribusyon sa kasaysayan ng Imus.

Sino si P. Bella?

Si Pedro Bella y Saraza ay anak nina Kapitan Luis Bella at Carlota Saraza ng Imus at pang-apat sa mga anak ng kanyang mga magulang. Sa pagkabata pa lamang, kinakitaan na ng pagkagiliw sa pagtugtog ng trumpeta.

Matapang na tao; mga kaaway umurong

Nagpatala si Pedro bilang isang sundalo (*soldado* sa Espanyol at *soldier* sa Ingles) noong panahon ng himagsikan. Palibhasa'y mahusay siyang tumugtog ng trumpeta, siya ang naatasang maging trumpetero.

Sa isang hindi malilimutang labanan sa Tulay ng Hasyenda sa Imus naganap ang isang magandang kasaysayan. Lulusob noon ang mga Kastilang kabayuhan upang pasukin ang kuwartel na tinitigilan ng mga hukbong manghihimagsik. Ang pagdating ng mga Kastila sa kabilang ibayo ng tulay ay nabatid naman ng isang tanod sa kuwartel. Buong tapang na umakyat si Pedro sa tore ng kuwartel at buo ang loob na hinipan ang kanyang trumpeta ng isang "avance" (pagsulong).

Walang tigil ang ginawa niyang paghihip. Inakala naman ng mga Kastila na napakaraming kawal sa kuwartel. Ang mga manghihimagsik na nasa kuwartel ay umisip ng paraan na harapin ang mga Kastila. Humanap sila ng ibang daan upang makulong ang mga kalaban. Nangamba ang mga Kastila sa walang patid na paghihip ng trumpeta kaya't sila ay umurong. Hinabol sila ng mga manghihimagsik. Nasagupa naman nila ang pangkat ni Heneral Emilio Aguinaldo kaya't sila'y napalaban din. Sa paraang ginawa ni Soldado Bella na takutin ang mga Kastila, naligtas ang bayan ng Imus sa isang pagsalakay ng mga kaaway.

Sa hirap at pag-iisa

Namahinga si Soldado Bella pagkatapos ng himagsikan. Malungkot ang naging buhay niya. Namuhay siyang mag-isa sa kahirapan hanggang siya'y bawian ng buhay.

Pagkilala at Pasasalamat


Inihandog ni Pedro Bella ang kaniyang lakas, abilidad, at tapang sa pagtulong sa tao at sa bayan, sa pagkakaroon ng kasarinlan sa panahon ng digmaan. Bilang tanda ng pagkilala at pasasalamat, ang pamahalaang lokal ng Imus ay ipinangalan sa kanya ang isang kalye sa Imus. Ang dating Calle Nagwagi ay naging Sol. Pedro Bella o Sol. P. Bella St. Ang pagpapalit ng mga dating kalye sa loob ng bayan ng Imus ay pinagtibay sa nabuong Resolusyon Numero Uno noong Enero 16, 1930 sa munisipyo ng Imus.

Mga sanggunian:

Castañeda, Roberto 'Oby' Ramos. *Imus*. Imus Historical Society: 2009, p. 174-175.

Talambuhay ng mga Magiging na Lalake ng Lalanigan ng Kabite. Isang Proyekto ng Magdalo, Samahan ng mga Guro ng Wikang Pilipino sa Sangay ng Kabite 1962-1963, p. 19-20.





Mga Kaganapan sa Kasaysayan ng Cavite sa buwan ng Agosto

(Mula sa Cavite's Historical Calendar, T. P. Unabia, DLSU-D, 1997)

- 01 Agosto 1898** Sa isang kombensyon, pinagtibay ng 190 pangulong munisipal mula sa 16 na lalawigan ang Deklarasyon ng Kalayaan ng Pilipinas sa Bacoor. Ang ratipikasyong ito ay naaprubahan sa Simbahan ng Barasoain, Malolos, Bulacan noong Setyembre 29, 1896 ng Unang Kongreso ng Pilipinas (Zaide, IX, 1990:26).
- 02 Agosto 1858** Pagkatatag ng Bayan ng Bailen (dating Batasan at kasalukuyang kilala bilang General Emilio Aguinaldo). Si Pedro Lirio, pinuno ng mga petisyoner, ang unang naging *gobernadorcillo* (Saulo and de Ocampo, 1990:169).
- 1896** Si Vito Belarmino ay naitalagang koronel ni Baldomero Aguinaldo ng Magdalo (LNC, Agosto 1982:3).
- 03 Agosto 1835** Si Fruto de los Santos (Bela), kilala bilang isang nagnanakaw ng hayop, ay naaresto ng mga *cuadilleros* ng Kawit sa may kahabaan ng Ilog Binakayan at opisyal na naakusahan ng pagnanakaw ng baka o kalabaw (Medina, 1994:80).
- 1898** Sa isang talumpating inihayag sa Kawit, nakiusap si Pangulo Emilio Aguinaldo sa mga lokal na opisyal para sa pagkakaisa, kapayapaan, at tamang pag-uugali (HC, 1970:125).
- 04 Agosto 1940** Pinasinayaan ang Parokya ng Our *Lady of Lourdes* sa Tagaytay. Isa pang petsa – Hulyo 27, 1940 ay ibinigay ni Fr. Cornelio Matanguihan.
- 05 Agosto 1972** Pagtatalaga at pagbubukas ng makasaysayang pananda ni Padre Mariano Gomez sa Bacoor. Si Gomez ay ipinanganak noong Agosto 2, 1799 sa Sta. Cruz, Maynila. Nagsilbi siya bilang kura paroko ng Bacoor sa loob ng 48 taon.
- 06 Agosto 1898** Mula sa Bacoor, si Pangulo Emilio Aguinaldo ay nagbigay ng isang pahayag na may isang kopya ng Deklarasyon ng Kalayaan ng Pilipinas sa mga dayuhang pamahalaan. Hiniling niyang kilalanin ang “*belligerency* ng rebolusyon at kasarinlan ng Pilipinas” (Zaide, IX, 1990:286-287).
- 09 Agosto 1850** Kapanganakan ni Cayetano Topacio ng Imus. Isa siyang Magdalo. Nang lumaon, marami pa siyang iba ‘t ibang naging posisyon sa lokal na pamahalaan (Saulo and de Ocampo, 1990:439).
- 10 Agosto** Mula Santa Cruz de Malabon, si Gen. Mariano Trias ay nagpadala ng isang pahayag sa mga Muslim ng Jolo. (Zaide, X, 1990:140-141).
- 11 Agosto 1852** Isang tulisang lider ng Cavite, si Baldomero de los Santos ay nadakip kasama si Mariano Santos. Ang dating diskarte/paraan sa paghuli ng isang tulisan upang mahuli ang isa pa ay ginamit. Napanatili ni Marcelino Cord Cruz, gobernadorcillo ng Imus, ang mga lihim na pag-aayos sa mga operasyon laban kay Baldomero. Ito



(Salamisim... mula sa pabina 13)

ay napatunayan ni Miguel Ramos, isang ring tulisan na naging espiya sa isang kagubatan malapit sa Silang. Bukod kay Cruz, ang humahabol na pangkat ay binubuo nina Eduardo Bautista, Clemente Bautista, Alejo Monson, Sebastian Ramirez, at Zacarias Tagle. Ang pangkat ay nakatanggap ng ₱150 bilang gantimpala (Medina, 1994:99).

1972 Ang San Roque Elementary School na itinatag noong 1911 ay pinalitan ng Manuel S. Rojas Elementary School. Si Manuel S. Rojas ay isang dating alkalde ng Cavite City.

1992 Ang De La Salle University-Emilio Aguinaldo College ay naging De La Salle University-Aguinaldo ayon/tulad sa naaprubahan ng *Board of Trustees* (DLSU-A Newsette, Agosto 1993).

12 Agosto 1842 Sumulat si Gobernador Heneral Marcelino Ora ng isang petisyon sa Pinaka-Reberendo (Most Reverend) Jose Segul, Arsobispo ng Maynila, para sa isang pormal na pagtatayo ng isang simbahan at pagtatalaga ng permanenteng pastor para sa Salinas, Tanza (Saenz-Mendoza, 1990).

15 Agosto 1869 Sa presensiya ni Gobernador Heneral Carlos Maria de la Torre, si Casimiro Camerino, isang pinuno ng magsasaka sa Imus at binansagang tulisan ng mga awtoridad ng Espanya ay binigyan ng amnestiya sa hacienda ng Imus (Medina, 1994:74).

1946 Pagkakatatag ng Maragondon Electric Company (1977 Maragondon Souvenir Program).

16 Agosto 1843 Kapanganakan ni Jose Basa y Enriquez, isang makabayan at

tagapagtatag ng Pribadong Paaralan ng Basa (Basa Private School). Siya ay nahalal na delegado sa Kongreso ng Malolos at hinirang ni Pangulong Emilio Aguinaldo bilang direktor ng hustisya ng sentral na pamahalaan.

17 Agosto 1943 Kamatayan ni Cayetano Topacio (Capitan Canoy) ng Imus. Siya ang Sekretaryo ng Pananalapi sa Konseho ng Magdalo at naging *Jefe de Gobernacion de Departamento del Sur de Luzon*, isang posisyon na hawak niya hanggang sa pagtatapos ng Rebolusyon.

1976 Sa pamamagitan ng isang Lupon Resolusyon Munisipal, ang Paaralang Elementarya ng Savannah dating Savannah Barrio School ng Lungsod ng Cavite ay pinalitan ng pangalang Paaralang Elementarya ng Ovidio S. dela Rosa.

18 Agosto 1860 Kapanganakan ni Agapito Conchu. Siya ay isang pintor, litograpiko, musikero, litratista, at isa sa labintatlong martir ng Cavite (HC, 1970:134).

19 Agosto 1831 Pagkasilang ni Hen. Mariano Alvarez ng Nobeleta. Naglingkod siya bilang isang guro sa pampublikong paaralan pagkatapos ay isang punong-guro at kalaunan ay naging isang rebolusyonaryo. Siya ay nagtatag at unang pangulo ng Magdiwang Council ng Katipunan sa Cavite.

1841 Kapanganakan ni Luis Yangco ng Bacoar, Cavite. Tinagurian siyang Hari ng Look ng Maynila at Ilog Pasig dahil sa kanyang tagumpay sa larangan ng pagbabapor at sasakyang pantubigan. Itinalaga rin siyang *director general de tesorero* ng Pamahalaang Rebolusyonaryo ni Emilio Aguinaldo (HC, 1970:135).



- 21 Agosto 1637** Si Don Lucas de Castro ay nag-ambag sa pagtatayo ng simbahang bato ng Nuestra Señora de Loreto. Ito ay inialok upang maging kolehiyo. Ang mga dokumento sa pagkakatatag ng isang kolehiyo ay nilagdaan sa Maynila. Nagbigay din siya ng labing-apat na libong piso kay Fr. Juan de Bueras, parokyal (provincial) ng Sambayanan ni Jesus. Ang nasabing halaga ang naging dahilan sa pagkakatatag sa Kolehiyo ng Cavite (Saenz-Mendoza, 1990:37).
- 22 Agosto 1896** Ang Lupon ng mga Direktor ng pangkat ng Magdalo ay nakatanggap ng liham mula kay Supremo Andres Bonifacio upang ipaalam sa kanila ang isang mahalagang pagpupulong sa Maynila sa Agosto 24 (Aguinaldo, 1967:46).
- 1898** Nagpalabas ng kautusan si Gen. Emilio Aguinaldo na nag-aatas sa kanyang mga tauhan na maghanda sa paglipat ng punong tanggapan at kapital ng Pamahalaang Rebolusyonaryo sa Bacoar, Cavite papuntang Malolos, Bulacan (HC, 1970:137).
- 24 Agosto 1924** Pagkamatay ni Hen. Mariano Alvarez. Nahalal siyang pangulo ng Konsehong Magdiwang at kinalaunan ay naging Ministro ng Pambansang Kapakanan sa pamahalaang pinamumunuan ni Hen. Emilio Aguinaldo. Patuloy na nagbantay ang mga tao sa kanyang labi kasama ang mga Beterano ng Rebolusyon at ang mga Kabalyero (Knights) ng '96 ng *Most Venerable Lodge of Isagani* ang tumayong mga bantay sa lamay (Alvarez, 1992:132).
- 26 Agosto 1915** Hinirang si Guy R. Wood bilang hukom tagapamapayapa sa Barrio San Jose, Isla ng Corregidor, Cavite, Ika-Sampung Panghukumang Distrito (Tenth Judicial District). Nagbitiw naman si Bise W.E. Geyer alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 1, Batas Blg. 2041 at Resolusyon No. 8, serye ng 1910, ng Komisyon ng Pilipinas (Journal of Philippine Commission, 1916).
- 27 Agosto 1855** Kapanganakan ni Licerio Topacio. Siya ay isang rebolusyonaryo na pinuno at *ministro de fomentos* ng Pamahalaang Rebolusyonaryo, at isang itinalagang pangulo ng munisipalidad ng Imus (HC, 1970:140).
- 28 Agosto 1857** Isang atas na naghihiwalay sa mga baryo ng Batas Guyung-guyong mula sa bayan ng Maragondon ay ipinalabas ni Arsobispo Fray Aranguren, OSA, Arkdyosis ng Maynila. Isang bagong parokya, ang Bailen ay nalikha (Saulo and de Ocampo, 1990:169).
- 1896** Inutusan ni Mariano Alvarez (Mainam) si Nazario Caldejon (Katipunero Talahib) na pumunta sa Parang, kung saan ang mga kilalang tulisang magkapatid na sina Hipolito at Hermogenes Sakilayan ay nanatili, at sabihin sa kanila na magtipon ng mas maraming kalalakihan at makakuha pa ng maraming armas (Alvarez, 1992:34).
- 1901** Si Severo Buenaventura, isang Pilipinong paring sekular ng Parokya ng Rosario, ay nag-ulat na ang kumbento ay ginamit bilang isang cuartel ng bagong rebolusyonaryong pamahalaan (Saenz-Mendoza, 1990).
- 1971** Naging pari ng parokya ng Alfonso si Fr. Avelino Sapida (Saulo and de Ocampo, 1990:125).
- 29 Agosto 1780** Ang Santa Cruz de Malabon (Tanza) ay ginawang parokya hiwalay sa

(sundan sa pahina 16)



(*Salamisim... mula sa pahina 15*)

matris ng San Francisco de Malabon
(Medina, 1994:36).

1862 Kapanganakan ni Candido Tirona, siya ang naging unang rebolusyonaryong *capitan municipal* sa Pilipinas.

1896 Isang sirkular ng mga awtoridad na Espanyol sa Cavite ang nag-utos ng “paghahanap at pagdakip” sa labinlimang Pilipino sa “tangkang panghihimagsik” ay ipinalabas. Ang labinlimang kalalakihan ay sina Felipe Agoncillo, Ramon Atienza, Flaviano Agoncillo, Martin Cabrera, Teofilo Atienza, Filomeno Encarnacion, Flaviano Cabrero, Juan Goco, Elias Agoncillo, Pedro Marella, Eulalio Calanog, Ananias Diocno, Mariano Medria, Pedro Mariño, at Ireneo Arriola (Achutegui and Bernad, 1972:12).

30 Agosto 1603 Ang pagsunog sa kahoy na simbahan ng Silang ay itinayo ng mga Franciscano (Javellana, 1991:57).

1896 Sina Gobernador Heneral Ramon Blanco at Marquez de Pena ay nagpahayag sa unang walong lalawigan na naghimagsik laban sa Espanya. Ang mga ito ay binubuo ng Maynila, Cavite, Bulakan, Pampanga, Nueva Ecija, Tarlac, Laguna, at Batangas (Achutegui and Bernad, 1972:13).

Inalis ng grupong Magdalo ang tatlong puting K sa bandila ng Katipunan. Ito ay pinalitan ng isang puting araw na may sinag. Sa loob ng araw ay ang K sa sinaunang letrang Tagalog (HC, 1970:142).

31 Agosto 1896 Ipinadala ni Hen. Emilio Aguinaldo ang kanyang unang digmaang manipesto sa Tagalog sa mga kapitan

munisipalidad ng Cavite. Ang mga kopya nito ay ipinamahagi sa Imus, Bacoor, Carmona, Dasmariñas, Silang, Amadeo, Mendez, Alfonso, Indang, Bailen, Magallanes, Ternate, Naic, at Tanza. Ang manipesto ay ipinamigay sa mga bayan sa kapatagan sa pamamagitan ng karetela samantalang sa parteng taas ay natanggap ang manipesto sa pamamagitan ng mga kabayo.

Ang tribunal ng San Francisco de Malabon ay naagaw ng mga rebolusyonaryong Pilipino sa pamumuno ni Mariano Trias, Diego Mojica, at Nicolas Portilla sa bandang ika-10 ng umaga.

Ang pagkuha sa tribunal ng Noveleta. Si Mariano Alvarez, ang tagapagtatag at pangulo ng Sangguniang Bayang Magdiwang kasama ang kaniyang anak na si Santiago at pamangking si Pascual ay nanguna sa pag-aalsa. Ang Katipunan ay nakakuha ng dalawampu't walong baril. Ang garison ay inilagay sa ilalim ng pamamahala ni Katipunero Apoy (Santiago Alvarez) (Alvarez, 1992:39).

Ang tribunal ng Cavite el Viejo (Kawit) ay naagaw sa ganap na ika-tatlo ng hapon. Nakuha nina Emilio Aguinaldo at Candido Tirona ang mga baril sa tatlong guwardya sibil. Si Padre Fidel de Blas naman, ang pari ng parokya ay nakatakas papuntang Tanguay, Kabite gamit ang bangka. Sa kanyang pagmamadali, naiwan ng prayle ang 1,100 pisong ginto/gintong piso, 800 pisong pilak, at 100 piso naipon ni Aguinaldo noong siya pa ang cabeza de barangay. Ang huli ang nagsilbing paunang pondo para sa Rebolusyon (Aguinaldo, 1967:54-56).



Salitang Cavite

sinaliksik ni

Neriza M. Villanueva

Tagapag-ugnay sa mga Publikasyon, Cavite Studies Center

Ang kultura ng Kabite ay mayaman sa talasalitaang maaaring magkaroon ng pareho o ibang kahulugan ayon sa paggamit ng mga naninirahan sa bawat bayang pinanggalingan. Ang kahalagahan ng mga talasalitaan sa komunikasyon ay bahagi sa anumang larangan at aspeto ng buhay.

Upang lubos na maunawaan ng mga mambabasa, ang kahulugan ng mga talasalitaang itatampok ay magpapakita ng pamumuhay, kaugalian, hilig, at pananampalataya na magpahanggang ngayon ay naririnig at sinasabi ng bawat Kabitenyo. Sa pamamagitan ng kahulugan ng mga salita at mga halimbawang pangungusap, inaasahan ang patuloy na ugnayan sa kultura ng ating mga ninuno at sa relasyon ng bawat bahagi ng makabagong Kabitenyo.

Aldabes/aldabisin (Gen. Trias) – palo/paluin

Halimbawa: *Aldabes* ang inabot ng bata dahil sa kanyang kakulitan.

Alpas-tag-araw – palaboy

Hal.: Sikapin ng bawat pamilya na mapabuti ang kinabukasan ng kanilang mga anak. Sa darating na panahon, hindi sila magiging *alpas – tag-araw*.

Bora (Amadeo) – kasalan

Hal.: Marami ang inanyayahan sa *bora* ng nag-iisang anak ng alkalde ng bayan; subalit dahil sa COVID 19, simpleng seremonya at selebrasyon na lamang ang pinili ng ikakasal.

Baraka - palengke

Hal.: Araw ng *baraka* ngayon. Marami ang mabibili, marami rin ang tao. Distansiya lang tayo. Laging magdala ng alkohol, mag 'face mask' o kaya manatili na lang sa bahay.

Boka-boka – saranggola (Tanza); **Burador** – malaking saranggola; **Guryon** – malaking saranggola; **Papagayo** – saranggola; Pupugayo (Imus, Dasmariñas) – bulador

(sundan sa pahina 10)

Lutuing Cavite

sinaliksik ni

Neriza M. Villanueva

Tagapag-ugnay sa mga Publikasyon, Cavite Studies Center



Namnamin ang mga pagkaing naging bahagi ng lutuing noon pa man at maging sa kasalukuyan ay maaaring ulam o meryenda sa bawat hapag ng tahanan. Tampok sa buwang ito ang isa sa madaling lutuin. Bakit hindi subukin at tikman ang resiping ito?

Ginataang Alimasag

Mga Sangkap:

- ½ kilo alimasag (katamtamang laki)
- 1 tasang kakang gata
- 2 tasang pangalawang gata
- 2 tasang kalabasa (hiniwang pakudrado)
- 1 tali ng sitaw (10 piraso, hinati o pinutol sa katamtamang haba)
- 3 siling haba (berde)
- asin (ayon sa panlasa)

Mga Pamamaraan:

Hugasang mabuti ang mga alimasag. Iluto. Pagkaluto, hatiin sa gitna ang bawat alimasag.

Sa isang kawali o kaserola, ilagay ang mga alimasag. Isama ang pangalawang gata, kalabasa, sitaw, at asin. Takpan at pakuluin sa loob ng 10 minuto. Idagdag ang kakang gata at sili. Hayaang lutuin ng ilan pang minuto sa mahinang apoy. Hanguin at ihain.

